Kailanan ng Panghalip na Panao

Itukoy ang kailanan ng panghalip na panao na may salungguhit. Para sa **Kailanan**, isulat ang titik (I = isahan, D = dalawahan, o M = maramihan).

_____ 1. Si Rodel ay isang masipag na manggagawa. Siya ay tinutularan ng kanyang mga katrabaho.

_____ 2. Ako, si Luisa, at si Teresa ay may isang maliit na negosyo. Nagtutulungan kami sa pangangasiwa ng aming negosyo.

_____ 3. Naiwan ni Hilda ang kanyang I.D. Ibigay mo sa kanya ito pag-uwi niya galing sa eskuwelahan.

_____ 4. Mga bata, kayo na ang susunod na magtutula. Inaasahan ko na saulo na ninyo ang buong tula.

_____ 5. Bukas na ang lakbay-aral natin sa The Mind Museum. Huwag ninyong kalimutan na dalhin ang permit na may pirma ng inyong magulang.

_____ 6. Alamin mo ang iyong mga karapatan bilang kasambahay. Ang bagong Batas Kasambahay ay para sa kapakanan ng mga domestic workers tulad natin.

_____ 7. Nagkamit ng unang gantimpala ang pangkat ni Eric sa naganap na paligsahan. Ang malaking tropeo na ito ay sa kanila.

_____ 8.Ako ang hinirang bilang pangulo ng samahang ito. Tungkulin ko ang itaguyod ang mga interes ng mga kasapi nito.

_____ 9. Dahil tapos ko na ang aking mga gawain, tutulungan kita sa pag-gawa ng iyong takdang-aralin sa Math.

_____ 10. Sina Amelia, Joanna, at Carmelita ay mahuhusay na manunulat. Sila ang napiling maging mga kinatawan natin sa gaganapin na timpalak.

_____ 11. Paolo, nais ka raw makausap ni Ginang Marciano. Ikaw ang isasama niya sa pagbili ng mga bagong kagamitan.

LIVEWORKSHEETS